
LEVEL 3

# Leveled Reader
in Filipino

# Pong! Pong! Ang Makapangyarihang Amoy ng mga Halaman



Isinulat at iginuhit ni Kim Dasol
Sinuri ni Mary Ann C. Macaranas



“Achoo!”


“Achoo-Choo!”

Ano ang tunog na iyon?

Sa palagay ko, ito ang tunog ng pagbahing ni Paeng at ng kaniyang aso na si Pido. Nakatira sila sa isang maliit na bahay sa gitna ng isang mahaba at paikot-ikot na riles ng tren.




Madalas ay nasa loob ng bahay lamang si Paeng. Dose-dosenang tren ang dumaraan sa paligid ng kaniyang bahay sa araw-araw.



Ang mga tren ay nagbubuga ng usok na nagpapadilim sa buong paligid kahit hindi pa lumulubog ang araw.

Minsan, lumabas ng bahay sina Paeng at Pido upang makalanghap ng sariwang hangin...


"Achoo-Choo!"



Nagkasakit si Pido dahil sa nalanghap niyang alikabok at usok. Napaiyak si Paeng dahil sa nangyari kay Pido.

“Pido, ayoko na talaga rito,” reklamo ni Paeng.


“Ayoko ng mga tren. Gusto kong pumunta sa isang lugar kung saan makakikita ako ng mga bituin sa langit. Gusto ko ring makaguhit ng mga larawan ng asul na ulap at pulang takipsilim.”




Isang sanga ang tumapik sa balikat ni Paeng.

“Kaya kitang tulungan,” sabi ng halaman. “Gusto mo bang makita kung ano ang magagawa ko?”


Nanlaki ang mga mata ni Paeng nang buksan ng halaman ang bintana.



Maiitim na kumpol ng usok
ang pumasok sa nakabukas
na bintana.
Agad na sinimulang higupin ng
halaman ang lahat ng usok
na pumapasok.
Usok ng tren!



Ano ang nangyari?
Nawala ang lahat ng itim na usok! “Marami pa akong gustong ipakita sa iyo,” pagmamalaki ng halaman.
“Tingnan mo!”
Ang halaman ay naglabas ng presko at malinis na hangin.
Pong, pong-pong, pong-pong!
Hindi nagtagal napuno ng malinis na hangin ang silid ni Paeng at nagsimulang gumaling si Pido.



“Paeng, maaari mo bang buksan ang drower sa ilalim ng kama?” tanong ng halaman.


Nakita ni Paeng ang isang kahon na puno ng mga binhi ng samot-saring bulaklak.

“Tingnan mo! Mga binhi ng bulaklak!” masayang sabi ni Paeng.

“Oo, tama! Itanim mo ang mga iyan sa paligid ng mga riles ng tren,” bilin ng halaman.



Tinataniman ni Paeng ng mga binhi ang paligid ng bahay tuwing gabi, tulad nang bilin ng halaman.




Nagtatanim siya ng mga binhi sa mga lugar na maaari niyang taniman.




Ingat na ingat si Paeng para hindi magising ang mga tren. Ayaw niyang malaman nila ang tungkol sa kaniyang plano.


Nagtanim si Paeng ng mga binhi sa malalayong burol at bukirin sa tulong ng hangin.



Patuloy sa pagdaan ang mga tren sa bahay ni Paeng. Ngunit sa pagkakataong ito, hindi na bumabahing sina Paeng at Pido. Ang maririnig mo lamang ay ‘Pong, pong-pong, pong-pong!’ Nilalanghap ng libo-libong bulaklak na nasa paligid ng riles ang usok ng tren at naglalabas ito ng malinis na hangin.



Pong! Pong! Pong!
Naglalaro sina Paeng at Pido sa kanilang luntiang bukirin na may malinis na hangin.



Hindi na alintana ni Paeng ang mga tren at ang usok ng mga ito. Kumaway pa siya sa mga dumaraan. Kumakaway rin si Pido gamit ang kaniyang buntot.



Dumating na ang takipsilim. Nakatitig si Paeng sa napakagandang tanawin na dulot ng papalubog na araw.



Ngayon ay hindi na lamang itim na langit ang kaniyang nakikita.



Oras na ng pagtulog. Sina Paeng at Pido ay nakatingin pa rin sa kalangitan mula sa kanilang bintana. Namamangha sila sa kumikislap na mga bituin.

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION
USAID
FROM THE AMERICAN PEOPLE
RTI INTERNATIONAL
The Asia Foundation